



## MGA KARAPATAN, RESPONSABILIDAD AT IBANG MAHALAGANG IMPORMASYON

### Para sa Tulong Pinansiyal at Mga Programang CalFresh, at/o Medi-Cal/34-County Programang Mga Serbisyong Medikal ng Lalawigan (CMSP)

Ibinibigay sa iyo ng mga pahinang ito ang iyong mga karapatan at mga responsibilidad at ibang mahalagang impormasyon. Kinakailangan ng lalawigan ang iyong impormasyon upang malaman kung ikaw ay karapat-dapat para sa tulong pinansiyal, mga benepisyong CalFresh, at/o Medi-Cal/34-County CMSP at upang tuusin kung magkano ang iyong makukuha kung ikaw ay karapat-dapat. Kung kailangan mo ng higit na impormasyon o may mga katanungan, tanungin ang iyong manggagawa.

Kabilang sa Tulong Pinansiyal ang Oportunidad sa Trabaho at Responsibilidad sa Mga Bata ng California (CaWORKs) at Tulong Pinansiyal sa Taong Kinanlong (RCA).

Ang Medi-Cal/34-County CMSP ay kinabibilangan ng Ganap na mga benepisyong ng Medi-Cal/34-County CMSP at pagkalinga na may kaugnayan sa emerhensiya at pagbubuntis lamang ng Hinangganang Medi-Cal/34-County CMSP.

### ANG IYONG MGA KARAPATAN

- Upang tratuhin nang pantay nang walang pagtatangi sa lahi, kulay, pinanggaling bansa, relihiyon, politikal na pagkakaanib, estadong marital, kasarian, kawalang-kaya, o edad. Ikaw ay maaaring maghain ng isang reklamo kung naramdaman mong ikaw ay napagtang-tangi laban sa iyong unang pakikipag-usap sa nakatalagang kinatawan ng mga karapatang sibil o sa pagsulat sa

State Civil Rights Bureau  
744 P Street, MS 8-16-70  
P.O. Box 944243  
Sacramento, CA 94244-2430

o sa pagtawag sa libreng toll na 1-866-741-6241 o para sa may kapansanan sa pandinig TDD 1-800-688-4486.

- Upang makakuha ng tulong sa pag-aaplay para o sa magpatuloy na makatanggap ng tulong pinansiyal, mga benepisyong at mga serbisyo kung ikaw ay mayroong kapansanan. Kung kailangan mo ng tulong dahil sa kawalang-kaya, sabihin sa lalawigan.
- Upang humingi ng tulong upang kumpletuhin ang iyong aplikasyon para sa anumang ibang tulong pinansiyal, CalFresh, o pormularyo ng Medi-Cal/34-County CMSP.
- Upang humingi ng tulong para sa isang tagapagpaliwanag at upang maisalin-wika ang mga pormularyo at paunawa kung ikaw ay hindi nakapagsasalita o nakababasa ng Ingles.
- Upang tratuhin nang may paggalang, konsiderasyon at respeto.
- Upang madaliang makapanayam ng lalawigan kapag ikaw ay nag-aaplay at upang alamin ang iyong karapatan sa loob ng 45 araw para sa tulong pinansiyal at Medi-Cal/34-County CMSP (o 90 araw para sa Medi-Cal kung kinakailangan ang pag-aalam ng kawalang-kaya) at sa loob ng 30 araw para sa mga benepisyong CalFresh.
- Upang pag-usapan ang iyong kaso kasama ang lalawigan at upang sarili mong irepaso ang iyong kaso kapag iyong hiniling na gawin ito.
- Upang masabihan ng mga alituntunin para sa pagkuha ng tulong pinansiyal nang agaran. Kung sa palagay namin ikaw ay maaaring karapat-dapat, ikaw ay makakakuha ng isang panayam sa loob ng isang araw.
- Upang masabihan ng mga alituntunin para sa pagkuha ng mga benepisyong CalFresh nang agaran. Kung sa palagay namin ikaw ay maaaring karapat-dapat na makuha ang mga ito nang agaran, ikaw ay makakakuha ng isang madaliang panayam at makakakuha ng mga benepisyong CalFresh sa loob ng tatlong araw.
- Upang makakuha ng Medi-Cal/34-County CMSP sa lalong madaling panahon kung ikaw ay mayroong isang emerhensiyang medikal o buntis, kung karapat-dapat.
- Upang patuloy na makakuha ng tulong pinansiyal at mga benepisyong Medi-Cal nang walang patid kung ikaw ay lilipat mula sa isang lalawigan tungo sa isa pa kung ikaw ay mananatiling karapat-dapat.
- Upang masabihan ng mga alituntunin para sa may balik-bisang karapatan ng Medi-Cal.
- Upang babaan ang anumang kasalukuyang Bahagi ng Gastos na maaaring mayroon ka sa pamamagitan ng pagbigay sa lalawigan ng nakalipas na di-bayad na mga babayaring medikal na utang mo pa, kapag ikaw ay nag-aaplay para sa Medi-Cal/34-County CMSP.
- Upang pumili ng bayad nang plano ng kalusugan (PHP), saklaw na singil-para sa-serbisyo (kung nakalaan), Organisasyong Nangangalaga ng Kalusugan (HMO), o Medi-Cal kapag karapat-dapat para sa Medi-Cal.
- Upang hilingin na makuha ang iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC), o palitan ang kard na EBT kung nawala sa koreo, napinsala, o nasira. Sasabihin sa iyo ng lalawigan kung ikaw ay karapat-dapat.
- Upang humingi ng ekstrang pera kung ang iyong kita ay bumagsak o nahinto (tulong pinansiyal lamang).
- Upang humingi ng pambayad sa pananamit, pabahay o mga aytem na kinakailangan ng sambahayan na nawala, napinsala o kung hindi ay di-nakalaan dahil sa biglaan at di-karaniwang mga sirkumstansiya (tulong pinansiyal lamang).
- Upang humingi ng pambayad sa umiiral na espesyal na mga pangangailangan gaya ng espesyal na diyeta, transportasyon para sa umiiral na pangangalagang medikal, espesyal na serbisyo sa labada, telepono para sa nahihirapang makadinig, mga singil ng mataas na utilidad, atbp. (tulong pinansiyal lamang).
- Upang nakasulat na maabisuhan kapag ang iyong aplikasyon ay naaprobahan, tinanggihang, o kapag ang iyong mga benepisyong ay magbago o mahinto.
- Upang panatiliing kumpidensiyal ang iyong mga tala ng lalawigan at estado, maliban kung ikaw ay nakakakuha ng tulong pinansiyal o mga benepisyong CalFresh at mayroong isang inilabas na utos sa pag-aresto para sa iyo, o kung hindi ay bilang inilaan ng batas.
- Upang makipag-usap sa isang tao mula sa lalawigan o maghain ng isang pormal na reklamo sa estado kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa aksiyong ginawa ng lalawigan. Maaari kang tumawag sa libreng-toll sa 1-800-952-5253 o para sa may kapansanan sa pandinig, TDD 1-800-952-8349.
- Upang humiling para sa isang Pagdinig ng Estado sa loob ng 90 araw ng aksiyon ng lalawigan para sa tulong pinansiyal, mga benepisyong CalFresh at Medi-Cal.
- Upang humiling para sa isang Pagdinig ng Estado, maaari kang sumulat sa iyong lalawigan o tawagan ang mga numero ng telepono na libreng-toll ng Estado na nakalista sa Aytem 21 sa itaas.
- Upang iapela ang lahat ng mga isyu ng karapatan ng 34-County CMSP, **maaari ka lamang sumulat** sa iyong lalawigan.
- Upang maikatawan ang sarili sa isang pagdinig ng Estado, isang miyembro ng sambahayan, kaibigan, abogado, o ibang tao na iyong pinili. PAALALA: Ikaw ay maaaring makakuha ng libreng tulong sa iyong lokal na opisina ng legal na tulong o grupo ng mga karapatan ng tulong ng pamahalaan.
- Upang magkaroon ng makatuwirang access sa isang lokasyon kung saan maaari mong i-withdraw ang iyong mga perang benepisyong nang mura o walang gastos.
- Upang makakuha ng brochure na magsasabi sa iyo kung paano gamitin ang iyong kard na EBT at kung paano makuha ang iyong mga perang benepisyong nang mura o walang gastos.
- Upang makakuha ng lista ng mga walang dagdag na singil na ATM at tindahan kuyng saan libre kang makakakuha ka ng cash back kapag bumilia ka gamit ang iyong kard na EBT. Makakakuha ka ng listahan ng mga lokasyon ito mula sa iyong manggagawa ng lalawigan o sa [www.ebt.ca.gov](http://www.ebt.ca.gov).

## ANG IYONG MGA RESPONSABILIDAD

### Katayuan ng Pagkamamamayan/Pandarayuhan

Upang lumagda sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling na ang bawat miyembro nag-aaplay para sa tulong pinansiyal at mga benepisyong CalFresh ay isang mamamayan ng U.S., mamamayan ng U.S. o mayroong makabatas na katayuan ng pangdarayuhan. Ang impormasyong iyong ibinigay sa amin sa katayuan ng pandarayuhan ay aalamin sa Mga Serbisyo ng Pagkamamamayan at Pandarayuhan ng U.S. (USCIS). Ang impormasyong makukuha namin mula sa USCIS ay maaaring makaapekto sa iyong karapatan. (Manwal ng Mga Patakaran at Pamamaraan Seksiyong 42-433).

Kung nais mo ng Medi-Cal/34-County CMSP, dapat kang magbigay ng isang deklarasyon ng katayuan ng pagkamamamayan/ pandarayuhan sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling. Kung sinabi mo na ikaw ay isang hindi mamamayan na mayroong makabatas na permanenteng tirahan (LPR) sa U.S., isang amnestiya ng dayuhan na mayroong balido at kasalukuyang I-688 o isang hindi mamamayan na permanenteng naninirahan sa ilalim ng batas ng kulay (PRUCOL), ang katayuan ng iyong pandarayuhan ay aalamin sa USCIS. Ang impormasyong natatanggap ng USCIS upang beripikahin ang katayuan ng pandarayuhan ng aplikante ay maaari lamang gamitin upang alamin ang karapatan sa Medi-Cal/34-County CMSP, at hindi magagamit para sa pagpapatupad ng pandarayuhan maliban kung ikaw ay nandaraya.

### Pagpapatatak ng Mga Daliri/Pagpapakuha ng Retrato

Ang lahat na karapat-dapat na nasa hustong gulang na mga miyembro ng sambahayan para sa tulong pinansiyal at/o mga benepisyong CalFresh ay dapat na makunan ng tatak ng mga daliri/ng retrato. Kung sinuman ang kinakailangan na makipagtulungan sa mga alituntuning ito na hindi nakunan ng tatak ng mga daliri/ng retrato, walang mga benepisyong ibibigay sa buong sambahayan. (Manwal ng Mga Patakaran at Pamamaraan Seksiyong 40-105.3).

Ang tatak ng mga daliri/mga imahen ng retrato ay kumpidensiyal at maaari lamang gamitin upang maiwasan o usigin ang pandaraya sa tulong ng pamahalaan.

### Mga Alituntunin ng Numero ng Pasegurong Panlipunan (SSN)

Ang mga SSN ay gagamitin sa isang pagtutugma sa kompyuter upang alamin ang kita at mga pinagkunan na mayroong mga tala mula sa buwis, tulong ng pamahalaan, pag-eempleyo, ang Administrasyon ng Pasegurong Panlipunan at ibang mga ahensiya. Ang mga pagkakaiba ay maaaring alamin sa mga taga-empleyo, mga bangko o sa iba. Ang paggawa ng maling mga pahayag o kabiguang iulat ang lahat ng impormasyon o mga sitwasyon na nakaka-apekto sa karapatan at mga bayad sa tulong para sa tulong pinansiyal, CalFresh at Medi-Cal/34-County CMSP ay maaaring magresulta sa muling pagbayad ng mga benepisyong at/o aksiyong kriminal o sibil.

Tulong Pinansiyal at Mga Benepisyong CalFresh: Dapat mong ibigay sa amin ang SSN para sa bawat aplikante o ng tumatanggap ng tulong pinansiyal at/o CalFresh. Kung ikaw ay tatanggap ibigay sa amin ang alinman sa SSN o pruwera ng aplikasyon para sa isang SSN, ikaw ay hindi makakuha ng tulong pinansiyal o mga benepisyong CalFresh. Para sa tulong pinansiyal, dapat kang magbigay ng pruwera ng aplikasyon para sa isang SSN sa loob ng 30 araw ng aplikasyon para sa tulong pinansiyal at ibigay ang SSN sa lalawigan kapag nakuha mo ito. (Manwal ng Mga Patakaran at Pamamaraan Seksiyong 40-105.2).

Ang bawat aplikante para sa Medi-Cal/34-County CMSP, na siyang nagsasabi na siya ay isang mamamayan, isang mamamayan ng U.S., LPR sa U.S., isang amnestiyang dayuhan na mayroong balido at kasalukuyang I-688, o PRUCOL, ay madidiskwalipika mula sa pagkuha ng Medi-Cal kung siya ay tumanggap ibigay ang alinman sa SSN o pruwera ng aplikasyon para sa isang SSN. Ang sinumang dayuhan na walang SSN at hindi isang amnestiyang dayuhan na mayroong balido at kasalukuyang I-688 o isang LPR o PRUCOL, ay maaari pa ring makakuha ng hinangganang Medi-Cal/34-County CMSP kung matugunan niya ang lahat ng mga alituntunin ng karapatan, kabilang ang paninirahan sa California.

### (Mga) Beripikasyon

Upang magbigay ng pruwera upang suportahan ang iyong karapatan. Kung hindi ka makakuha ng pruwera, kakailanganin mong ibigay ang pangalan ng ilang ibang tao o ahensiya na maaari naming tawagan upang makuha ang pruwera. Tutulungan ka naming kumuha ng pruwera kapag hindi mo makuha ito. (Manwal ng Mga Patakaran at Pamamaraan Seksiyong 40-105.1; 40-157.212; 40-157.213).

### Pakikipagtulungan

Upang makipagtulungan sa tauhan ng lalawigan, estado at ng pederal. Para sa tulong pinansiyal, ang isang manggagawa ng lalawigan ay maaaring pumunta sa iyong tahanan sa isang inayos na oras upang alamin ang iyong impormasyon, kabilang ang pakikipagkita sa bawat miyembro ng pamilya. Maaaring hindi ka makakuha ng mga benepisyong o ang iyong mga benepisyong ay maaaring mahinto kung ikaw ay hindi makipagtulungan.

## TULONG PINANSIYAL AT MEDI-CAL

Upang mag-aaplay para sa anumang mga benepisyong o kita ang sinuman ay karapat-dapat na makakuha, gaya ng: Kawalang-trabaho (UIB) o mga benepisyong ng Kawalang-kaya, mga benepisyong ng mga Beterano, Pasegurong Panlipunan o Medicare, atbp.

### Suporta sa Bata/Asawa at Medikal

Upang makipagtulungan sa lalawigan at sa Ahensiya ng Lokal na Suporta sa Bata sa:

- kilalanin at hanapin kung nasaan ang sinumang wala ang magulang sa iyong kaso;
- sabihin sa lalawigan o sa Ahensiya ng Lokal na Suporta sa Bata anumang oras na makakuha ka ng impormasyon tungkol sa wala ang magulang, gaya ng lugar ng tirahan o lokasyon ng trabaho;
- alamin ang pagka-magulang ng sinumang bata sa iyong kaso kapag kinailangan;
- kumuha ng suportang perang medikal mula sa sinumang wala ang magulang at, kung ikaw ay makakuha ng tulong pinansiyal, kumuha ng suportang perang medikal;
- bigyan ang Ahensiya ng Lokal na Suporta sa Bata ng anumang suportang perang medikal at, anumang suportang pera sa bata/asawa na makukuha mo;
- sabihin sa lalawigan ang tungkol sa saklaw ng medikal o pera para sa mga serbisyon medikal na binayaran ng wala ang magulang.

Ang iyong tulong pinansiyal ay ibababa kung hindi ka makipagtulungan. (Manwal ng Mga Patakaran at Pamamaraan Seksiyong 40-157.212; 40-157.213).

## MEDI-CAL

### Kard ng Pagkakakilanlan ng Mga Benepisyong (BIC)

- Upang lagdaan ang iyong BIC kapag nakuha mo ito at upang gamitin lamang ito upang makakuha ng kinakailangang mga serbisyon pangangalaga sa kalusugan.
- **Upang huwag itapon ang iyong BIC** (maliban kung bigyan ka namin ng isang bagong BIC). Kailangan mong itago ang iyong BIC kahit na matigil kang makatanggap ng Medi-Cal. Maaari mong gamitin ang parehong BIC kung muli kang makakuha ng tulong pinansiyal o Medi-Cal.
- Upang dalhin ang BIC sa iyong tagapagbigay ng medikal kapag ikaw o isang miyembro ng pamilya ay maysakit o mayroong pakikipagtipan.
- Upang dalhin ang BIC sa tagapagbigay ng medikal na gumamot sa iyo o (mga) miyembro ng iyong pamilya sa isang emerhensiyang sitwasyon sa lalong madaling panahon matapos ang emerhensiyang.

### Saklaw/Paseguro sa Pangangalaga ng Kalusugan

- Upang sabihin sa lalawigan at sinumang tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan ng anumang saklaw/paseguro sa pangangalaga ng kalusugan na mayroon ka o ang isang miyembro ng pamilya.
- Upang mapanatili ang anumang paseguro sa kalusugan na nakalaan sa iyo at sa iyong pamilya sa wala o makatwirang gastos.
- Upang gamitin ang anumang bayad ng mga planong pangkalusugan, organisasyong nangangalaga ng kalusugan o mga plano ng paseguro sa pangangalaga ng kalusugan na mayroon ka dati gamit ang Medi-Cal/34-County CMSP, maliban kung ang plano ay hindi naghahandog ng serbisyon medikal na kinakailangan. Kailangan mong gamitin ang mga ito sapagkat hindi magbabayad ang Medi-Cal para sa anumang serbisyon ibinayad para sa at/o ibinigay ng mga planong pasegurong medikal na ito.
- Upang magpatala at manatiling nakatala sa isang grupong plano ng kalusugang kaugnay-sa pag-eempleyo kapag naaprubahan ng Medi-Cal ang pagbabayad ng mga prima ng plano ng Estado ng California.

# ANG IYONG MGA RESPONSABILIDAD SA PAG-UULAT

Dapat mong iulat ang ilang impormasyon sa lalawigan. Kung ikaw ay hindi sigurado kung papaano mag-ulat, ano ang iulat, o kung anong pruweba ang kailangan namin, tanungin ang iyong manggagawa. Kung ikaw ay makakuha ng mga benepisyo ng CalFresh, sasabihin sa iyo ng iyong manggagawa kung ikaw ay isang sambahayan na pang-ikapat o nag-ulat ng pagbabago. Kung ikaw ay makakuha ng Medi-Cal/34-County CMSP, sasabihin sa iyo ng lalawigan kung kailan ka dapat mag-ulat. (Manwal ng Mga Patakaran at Pamamaraan Seksiyong 40-181).

## PAPAANO KA DAPAT MAG-UULAT

**Para sa Tulong Pinansiyal at Pang-ikaapat na Pag-uulat ng CalFresh**, dapat mong ipasa ang Pang-ikapat na Ulat ng Karapatan (QR 7) sa ika-limang araw ng buwan kasunod ng iyong mga buwan ng pag-uulat at iulat ang lahat na kailangang mga pagbabago sa Lalawigan sa loob ng 10 araw.

**Para sa Pag-uulat ng Pagbabago ng CalFresh**, dapat mong iulat ang lahat ng mga pagbabago sa loob ng 10 araw:

- sa pamamagitan ng koreo, telepono, o sa personal sa opisina ng CalFresh ng Lalawigan; O
- sa DFA 377.5, Ulat ng Pagbabago ng Sambahayan ng CalFresh.

**Para sa Medi-Cal**, dapat mong iulat ang lahat ng mga pagbabago sa loob ng 10 araw AT magpasa ng isang kumpletong Ulat ng Katayuan sa ika-5 ng buwan kapag ipinadala ng lalawigan o ibigay ito sa iyo.

## KAILAN KA DAPAT MAG-UULAT

**Para sa Tulong Pinansiyal at Pang-ikaapat na Pag-uulat ng CalFresh**

Sinasabi ng mga alituntunin ng pang-ikapat na pag-uulat na dapat mong iulat ang mga bagay sa tiyak na oras. Ikaw ay tatalagahan ng isang "buwan ng pag-uulat" para sa bawat kuwarto (tatlong buwang yugto). Ito ay magiging ikalawang buwan ng bawat kuwarto. Halimbawa, kung ang iyong kuwarto ay Enero, Pebrero at Marso, ang Pebrero ang iyong magiging "buwan ng pag-uulat" at ang iyong ulat ay dapat na ibigay sa ika-5 araw ng Marso. Ang ulat ay parating dapat na ibigay sa ika-5 araw ng buwan kasunod ang iyong "buwan ng pag-uulat" at ikukunsiderang huli kung hindi natanggap sa ika-11 araw ng buwan. Kung huli ang iyong Pang-ikapat na Ulat ng Karapatan (QR 7) kakailanganin mong magbayad ng anumang tulong pinansiyal o CalFresh na hindi mo dapat nakuha. Kakailanganin mong iulat ang kabuuang kita, mga pagbabago sa bilang ng tao sa iyong sambahayan, ari-arian binili o ibinenta ng tao sa iyong sambahayan at ibang impormasyon para sa buwan ng pag-uulat na iyon gaya din ng anumang mga pagbabago sa iyong kabuuang kita na iyong inaasahang mangyari sa susunod na kuwarto. Kapag hindi mo ipapasa ang nakumpletong Pang-ikapat na Ulat ng Karapatan (QR 7) sa katapusan ng unang araw ng trabaho ng buwan pagkatapos ng buwan na dapat ibigay ang iyong ulat, ang mga benepisyo ng iyong sambahayan ay ititigil.

Ano ang dapat mong iulat sa Pang-ikapat na Ulat (QR 7):

1. **Nakamit na Kita:** Ang lahat ng kabuang nakamit na kita na natanggap mo o ninuman sa iyong sambahayan sa buwan ng pag-uulat. Kabilang dito ang mga sahod; tip; bayad sa bakasyon; bonus na salapi; pera mula sa sariling trabaho o mula sa programang pagsasanay; saka sa anumang kitang hindi pera bilang kapalit para sa trabaho, gaya ng libreng upa, damit o pagkain.
2. **Di-nakamit o Kita na Ibinase sa Kawalang-kaya:** Ang lahat na ibang kitang natanggap mo o ninuman sa iyong sambahayan sa buwan ng pag-uulat. Kabilang dito ang suporta sa Bata/asawa, interes o mga dibidendo; mga panalo sa pagsusugal/loterya, paseguro o mga kasunduang legal, mga benepisyo ng welga, salapi, mga regalo, mga utang pang-iskolar; mga ibinalik na buwis; anumang mga benepisyo ng gobyerno, tulad ng Pasegurong Panlipunan, Dagdag Paseguro sa Kinikita/Dagdag

Bayad ng Estado (SSI/SSP), kawalang-trabaho, kompensasyon sa manggagawa, danyos ng estado sa kawalang-kaya, pagreretiro ng mga beterano o ng nagtatrabaho sa daang-bakal, o ibang kawalang-kaya o pagreretiro sa pribado o gobyerno, kita sa upa at tulong sa upa, libreng pabahay/mga utilidad/damit/pagkain, o anumang ibang uri ng perang natanggap.

3. Dapat mo ring iulat sa iyong Pang-ikapat na Ulat ang anumang pagbabago sa kita na iyong inaasahan na mangyari sa susunod na kuwarto. Kabilang dito ang nakamit, di-nakamit at mga pagbabago sa ibinaseng kita ng kawalang-kaya.
4. **Ari-arian:** Anumang ari-arian kabilang ang, mga sasakyang de-motor; mga kwentas ng bangko; mga bono ng pag-iimpok; mga polisa ng paseguro; isang tahanan o lupa; kasiguruhan; balanse ng salapi ng EBT, atbp. na ikaw o sinuman sa iyong kasambahayan ang nakatanggap mula noong iyong huling Pang-ikapat na Ulat at mayroon pa rin, kung binili man ito, nakuha sa pamamagitan ng isang kalakal o bilang isang regalo. Gagamitin ng lalawigan ang impormasyong ito upang alamin kung ang iyong sambahayan ay lumagpas sa hangganan ng ari-arian. Dapat mo ring iulat kung ikaw o sinuman ay nagbenta, nagpalit o namigay ng anumang ari-arian mula noong iyong huling Pang-ikapat na Ulat.
5. **Kung Ikaw ay Lumipat o May Isang Tao ang Lumipat o Umalis sa Iyong Tahanan:** Sinuman (kabilang ang mga bagong panganak) na lumipat sa iyong tahanan magmula noong iyong huling Pang-ikapat na Ulat at nandoon pa rin. Dapat mo ring iulat ang sinumang umalis sa iyong tahanan o namatay magmula noong iyong huling Pang-ikapat na Ulat.
6. **Mga Kriminal na Napatunayang Nagkasala sa Droga, Tumatakas na Mga Kriminal, at Mga Lumabag sa Subok na Laya/Parol:** Ang pangalan ng sinuman sa iyong sambahayan na kung hindi umiwas o tumatako sa batas upang umiwas sa paglilitis ng krimen, pangangalaga o pagkakulong matapos ang pagpapatunay na nagkasala, o nasa paglabag ng subok na laya o parol. Dapat mo din iulat ang sinumang miyembro ng sambahayan na napatunayang nagkasala sa krimeng may kinalaman sa droga para sa pagkamit, paggamit, paggawa, pagbebenta o pamamahagi, ng isang kontroladong sangkap, o anumang gawaing na may kinalaman sa ganitong bawal na gawain, o pag-aani, pagtatanim o pag-proseso ng marihuwana, o pagsama sa kabataan sa gawaing ito. Para sa CalFresh dapat mong iulat ang mga krimeng magmula Agosto 22, 1996 at para sa Tulong Pinansiyal ilista ang mga pagpapatunay na nagkasala na nangyari matapos ang Enero 1, 1998.
7. **Binawasang Oras ng Trabaho:** Kung ikaw ay isang May-kakayahang Nasa Hustong Gulang na Walang Nananangan (ABAWD) dapat kang mag-ulat kapag ang bilang ng iyong trabaho o pagsasanay ay bumagsak ng mababa sa 20 oras kada linggo o 80 oras kada buwan. Dapat mo ring iulat kung inaasahan mo na ang oras ng iyong trabaho o pagsasanay ay babagsak ng mababa sa mga hangganang ito sa panahon ng susunod na tatlong buwan.

**Para sa Medi-Cal/34-County CMSP, dapat kang mag-ulat kapag:**

1. May sinumang pumasok o umalis sa isang tahanan nangangalaga o pangmatagalang pasilidad sa pagkalinga.
2. May sinumang nag-aplay para sa mga benepisyo ng kawalang-kaya, gaya ng SSI/SSP, Pasegurong Panlipunan, pagreretiro ng Mga Beterano, o ng Nagtatrabaho sa Daang-bakal.
3. Sinuman nakakuha ng mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan na nagresulta sa isang aksidente o pinsala dahil sa kagagawan ng iba o kabiguang umakto.

## ANG IYONG MGA RESPONSABILIDAD SA PAG-UULAT (IPINAGPATULOY)

### Para sa Pang-ikapat na Ulat ng Di-Tulong na CalFresh

Kung ikaw ay nakakuha lamang ng mga benepisyong CalFresh dapat kang mag-ulat kapag:

1. Sinuman sa sambahayan ay lumipat sa iba pang direksiyon, may planong lumipat o kumuha ng bagong direksiyon ng koreo.
2. Sinuman na isang May-kakayahang Nasa Hustong Gulang na Walang Nananangan (ABAWD) na tumatanggap ng CalFresh at ang bilang ng oras na kanilang trinabaho o nasa pagsasanay ay bumagsak ng mababa kaysa sa 20 oras kada linggo o 80 oras kada buwan.

### Para sa CalWORKs dapat mong iulat ang ilang mga pagbabago sa ibang oras:

Sa ilang mga sirkumstansiya ikaw ay kakailanganin na iulat ang mga bagay (sa loob ng sampung araw ng pagbabago) kahit na ito ay hindi ang iyong "buwan ng pag-uulat" gaya ng:

1. Anumang oras na ang iyong ipinagsamang kabuuang kita ng pamilya (kapuwa nakamit at di-nakamit) ay higit kaysa sa Panimula ng Pag-uulat ng Kita (IRT) para sa isang pamilya na kasinglaki ng sa iyo. Sasabihin sa iyo ng manggagawa ng iyong lalawigan ang hangganan ng IRT para sa isang pamilya na kasinglaki ng sa iyo. Kung ang iyong pamilya ay nakakuha lamang ng di-nakamit na kita o nakakuha lamang ng mga benepisyong CalFresh, ikaw ay kakailanganin lamang na iulat ang kita sa iyong Pang-ikapat na Ulat ng Karapatan (QR 7).
2. Anumang oras na isang tao sa iyong sambahayan ay napatunayang nagkasala ng krimen na may kinalaman sa droga, naging kriminal na tumatakas o nasa paglabag ng kundisyon ng subok na laya o parol.
3. Anumang oras na lumipat ka dapat mong iulat ang iyong pagbabago ng direksiyon nang sa gayon malalaman ng Lalawigan kung saan ipadadala ang iyong mga benepisyong, mga pormularyo ng Pang-ikapat na Ulat at mga paunawa.

### Boluntaryong nag-uulat ng impormasyon para sa CalWORKs at Pang-ikaapat na Ulat ng CalFresh:

Dapat mo ring iulat nang boluntaryo ang ibang impormasyon kahit na hindi ito ang iyong buwan ng pag-uulat. Ang boluntaryong pag-uulat ng impormasyon ay maaaring maging sanhi ng pagtaas ng mga benepisyong ng iyong sambahayan. Kung ang iniulat na impormasyon ay naging sanhi ng pagtaas ng iyong mga benepisyong, gagawa ng aksiyon ang lalawigan sa loob ng sampung araw pagkatapos mong ibigay ang beripikasyon. Ang isang eksepsiyon ay kapag ang pagtaas ay nagresulta mula sa pagdagdag ng isa pang tao sa iyong kaso. Sa gayong sitwasyon, gagawa ng aksiyon ang Lalawigan upang pataasin ang mga benepisyong sa unang buwan pagkatapos mong ibigay ang beripikasyon. Kahit na iyong naiulat na ang ilang bagay sa Lalawigan, dapat mo pa ring iulat ito sa iyong susunod na Pang-ikaapat na Ulat (QR 7).

Ang ilang mga halimbawa ng boluntaryong pag-uulat na maaaring maging dahilan na tumaas ang iyong mga benepisyong ay kinabibilangan ng:

- Ang iyong kita ay humito o bumagsak.
- May isang tao na mayroong konti o walang kita ang lumipat sa iyong tahanan (kabilang ang isang bagong panganak).
- May isang tao na mayroong kita na umalis sa iyong tahanan.
- Naniniwala ka na ikaw o isang tao sa iyong sambahayan ay karapat-dapat para sa bayad sa Espesyal na Pangangailangan ng CalWORKs, gaya ng espesyal na pangangailangan sa pagbubuntis o isang kumakuwalipikadong espesyal na diyeta.

### Karagdagang mga halimbawa para sa CalFresh lamang:

- May isang miyembro ng sambahayan na nag-umpisang magbayad ng utos ng korte na suporta sa bata para sa bata na hindi nakatira sa tirahan.
- May isang miyembro ng sambahayan na 60 o mas matanda.
- May sinumang miyembro na may kapansanan o 60 taong gulang o mas matanda na may mga pagbabago sa o bagong mga gastusin medikal (kung beripikado ang iyong CalFresh ay maaaring muling tuusin).

### Karagdagang Impormasyon para sa Sambahayang CalFresh Lamang

Kung ikaw ay nakatanggap ng mga benepisyong CalFresh at boluntaryo mong iniulat ang tumaas na kita, at ito ay higit sa kabuang antas na kita para sa laki ng iyong sambahayan, ang iyong mga benepisyong ay maaaring di-maipagpatuloy.

Alalahanin na kung natanggap mo lang ang mga benepisyong CalFresh: (1) hindi mo kailangang mag-ulat ng anumang pagtaas sa kita sa panahon ng kuwarto; at, (2) kapag nag-ulat ka ng mga pagbabago sa lalawigan o sa pagitan ng nakasulat na pang-ikapat na mga ulat, dapat mo ring iulat ang pagbabago sa iyong susunod na QR 7.

Sa anumang oras, maaari mong hilingan ang Lalawigan na huwang ipagpatuloy ang iyong kabuuang kaso o ng sinumang indibidwal na tao na umalis sa tahanan o hindi kinakailangan na maging nasa yunit ng tulong. Maaari mo ring hilingan ang Lalawigan na ihinto ang ilang mga benepisyong, gaya ng: Medi-Cal o CalFresh. Ang pagtanggap lamang ng Medi-Cal at/o CalFresh ay hindi ibibilang laban sa hangganan ng oras ng iyong Tulong Pinansiyal.

### Ibang mga pagbabago para sa pang-ikapat na pag-uulat:

Mayroong ibang mga pagbabago na kakailanganin ang lalawigan na pababain o di-ipagpatuloy ang iyong mga benepisyong sa panahon ng kuwarto kung saan nangyari ang mga ito. Narito ang ilang mga halimbawa:

- Ang isang nasa hustong gulang na sambahayan ay umabot sa 48-buwang hangganan ng CalWORKs;
- Ang miyembro ng sambahayan ay namultahan/naparusahan;
- Ang bata ay umabot sa edad na 18 (at hindi magtatapos mula sa mataas na paaralan bago ang edad na 19);
- May isang tao sa iyong sambahayan ang nagsimulang makatanggap ng mga benepisyong sa isa pang sambahayan;
- Ang karapat-dapat na bata ay inilagay sa Pagkalinga ng Ampunan;
- Sinuman na isang May-kakayahang Nasa Hustong Gulang na Walang Nananangan (ABAWD) na tumatanggap ng CalFresh at ang bilang ng oras na kanilang trinabaho o nasa pagsasanay ay bumagsak ng mababa kaysa sa 20 oras kada linggo o 80 oras kada buwan.

### PAG-UULAT NG PAGBABAGO NG CALFRESH

#### Para sa Pag-uulat ng Pagbabago ng CalFresh, dapat kang mag-ulat kapag:

1. Ang iyong buwanang kita ay nagsimula, nahinto, o nagbago ng higit sa \$50.
2. Nagbago ang pinagkunan ng kita ng sinuman.
3. Sinuman ang lumipat o umalis sa iyong tahanan.
4. Sinuman ang sumali o umalis sa iyong sambahayan.
5. Ikaw ay lumipat o ikaw ay nakakuha ng bagong direksiyon.
6. Ang halaga ng iyong upa at utilidad lamang kung lilipat ka.
7. Sinumang bumili, kumuha, nagbenta, o namigay ng isang lisensiyadong sasakyang de-motor.
8. Kung mayroong pagbabago sa halaga ng anumang suporta sa bata na ipinag-utos ng korte na binayaran ng isang miyembro ng sambahayan para sa isang batang hindi nakatira sa tirahan.
9. Sinuman na isang May-kakayahang Nasa Hustong Gulang na Walang Nananangan (ABAWD) na tumatanggap ng CalFresh at ang bilang ng oras na kanilang trinabaho o nasa pagsasanay ay bumagsak ng mababa kaysa sa 20 oras kada linggo o 80 oras kada buwan.
10. Sinumang miyembro ng iyong sambahayan na umiiwas o tumatako mula sa batas upang maiwasan ang paglilitis ng krimen, pangangalaga o pagkakulong matapos ang pagpapatunay na nagkasala, o paglabag ng subok na laya o parol.
11. Sinumang miyembro ng sambahayan na napatunayang nagkasala sa krimen na may kinalaman sa droga matapos ang Agosto 22, 1996, para sa paggawa, pagbenta o pamamahagi, ng isang kontroladong (mga) sangkap, o anumang gawain na may kinalaman sa labag sa batas na mga pagkilos na ito, o pag-ani, pagtanim o pagproseso ng marihuwana, o pagsangkot sa isang kabataan sa mga gawaing ito.

#### Para sa Pag-uulat ng Pagbabago ng CalFresh, dapat kang mag-ulat kapag:

1. Ang pisikal o mental na sakit ng sinuman ay nag-umpisa o natapos.
2. Ang katayuan ng pagkamamamayan/pandarayuhan ng sinuman ay nagbago o sinumang nakakuha ng sulat, pormularyo o bagong kard mula sa USCIS.
3. Ikaw ay mayroong mga pagbabago sa halaga ng iyong pangangalaga sa nananangan.
4. Sinumang miyembro na may-kapansanan o ang edad ay 60 o mas matanda ay mayroong mga pagbabago sa o mga bagong gastusin medikal. Kung beripikado, ang iyong alote ay maaaring muling tuusin.
5. Sinumang miyembro ng sambahayan na nag-umpisang magbayad ng utos-ng-korte na suporta sa bata para sa bata na hindi nakatira sa tirahan.

# ANG IYONG MGA RESPONSABILIDAD SA PAG-UULAT (IPINAGPATULOY)

## MAHALAGANG IMPORMASYON TULONG PINANSIYAL LAMANG

### Walang-trabahong Magulang

Kung ikaw ay nag-aaplay para sa tulong pinansiyal bilang isang walang-trabahong magulang, ang pangunahing kumikita (PE) ay dapat na:

- maging walang-trabaho at hindi nakapagtrabaho sa nakalipas na 4 na linggo
- nakapag-aaplay at tumanggap ng anumang paseguro ng kawalang-trabaho na karapat-dapat mong matanggap

Ang PE ay ang magulang na mayroong pinakamalaking mga kinita sa nakalipas na 24 na buwan.

### Tulong sa Walang Tirahan

Ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para sa pera upang tumulong magbayad para sa pansamantalang kanlungan o permanenteng pabahay o upang maiwasan ang pagpapaalis. Ito ay minsan-sa-buong-buhay na pagbabayad maliban kung matugunan mo ang isang eksempsiyon. Kung ikaw ay nakatanggap na ng tulong sa walang tirahan at kailangan muli ito, sasabihin sa iyo ng iyong manggagawa kung ikaw ay karapat-dapat.

### Pagdalo sa Paaralan at Mga Proteksiyon Laban sa Sakit

Dapat kang magbigay ng patunay kapag hiniling ng lalawigan na:

- ang lahat ng mga batang may edad-paaralan ay dumadalo sa paaralan, at
- mga bata na mababa sa edad na 6 ay natanggap ang mga proteksiyon laban sa sakit na naaangkop sa edad. (Manwal ng Mga Patakaran at Pamamaraan Mga Seksiyong 40-105.4; 40-105.5).

### Pinakamataas na Bayad sa Tulong (MAP)

Mayroong dalawang antas ng Pinakamataas na Bayad sa Tulong (MAP). Karamihan sa mga pamilyang nakakakuha ng tulong pinansiyal ay nakakakuha ng mababang antas ng MAP. Maaaring makuha ng mga pamilya ang mas mataas na antas ng MAP kung ang bawat magulang o tagapangalaga sa Yunit ng Tulong (AU):

- ay may kapansanan at nakakakuha ng Dagdag Paseguro sa Kinikita/Dagdag Bayad ng Estado (SSI/SSP), o Mga Serbisyong Pangsuporta sa Loob ng Tahanan (IHSS), o Paseguro ng Estado sa Kawalang-kaya (SDI), o Pansamantalang Kompensasyon ng Manggagawa (TWC), o mga benepisyo ng Pansamantalang Danyos sa Kawalang-kaya (TDI)
- ay nangangalaga para sa tinutulungang (mga) bata na hindi nila anak at ang nangangalaga ay hindi nakakuha ng tulong pinansiyal.

Karapat-dapat din para sa mas mataas na MAP:

- ang isang pamilya na nakakuha ng Tulong Pinansiyal sa Taong Kinanlong (RCA) kung ang bawat nasa hustong gulang ay matugunan ang eksepsiyon.

Kung ang lahat ng mga nasa hustong gulang na sambahayan ay matugunan ang kahit isa ng mga eksempsiyong ito, tanungin ang iyong manggagawa tungkol sa pag-aaplay para sa isang eksempsiyon.

### Pagtrato sa Sariling Trabaho

Kung ikaw ay may sariling trabaho, ikaw ay mayroong pagpipilian ng pagtutuos ng iyong mga gastos sa negosyo na ibinase sa isang istandard na pagbabawas ng 40 porsiyento ng kabuuang kita o paggamit ng aktuwal na mga gastos sa negosyo. Sa oras na pumili ka ng isang pamamaraan ng pagtutuos ng iyong netong kita ng sariling trabaho, maaari mo lamang baguhin yaong paraan ng pagtutuos ng mga gastos sa muling-pag-aalam o bawat anim na buwan alinman ang mangyari nang mas maaga.

### Alituntunin ng Pinakamataas na Kaloob sa Pamilya (MFG)

Ang mga alituntunin ng MFG ay gagamitin sa sinumang batang ipinanganak pagkatapos ng Agosto 31, 1997. Sinasabi ng alituntunin ng MFG na ang iyong pinakamataas na bayad sa tulong (MAP) ay hindi tataas upang ibilang ang isang batang isinilang sa iyong pamilya, kung nakakuha ang iyong pamilya ng tulong pinansiyal sa 10 buwan nang sunud-sunod bago ang kapanganakan ng bata. Mayroong mga eksempsiyon sa alituntunin. Bibigyan ka ng iyong manggagawa ng isang kopya ng mga alituntunin ng MFG at sasagutin ang iyong mga tanong. Pagkatapos ay lalagda ka ng isang kopya na nagsasabi na nauunawaan mo ang mga alituntunin.

### Pruweba ng Impormasyon

Kung hihingi ka ng tulong pinansiyal sa loob ng isang taon ng petsa nang nahinto ito, dapat tignan ng lalawigan ang iyong tipon ng naunang kaso upang makita kung mayroon na itong pruweba na kinakailangan upang alamin ang iyong karapatan kapag:

- hindi mo makuha ang pruweba, o
- mayroong gastos sa iyo upang makuha ang pruweba, o
- ang pagproseso ng iyong aplikasyon ay maaantala

sapagkat matatagalan ka na makuha ang pruweba. Kung hihingi ka ng tulong pinansiyal sa loob ng isang taon ng petsa nang nahinto ito AT, kung wala sa lalawigan ang pruweba na kailangan nito, samakatuwid kakailanganin mong magbigay ng pruweba.

Kung ikaw ay mayroong bagong mga pagbabago mula nang huli kang makakuha ng tulong pinansiyal, kakailanganin ng lalawigan ang bagong pruweba.



### Narito kung papaano **Nakapagbabayad ang Trabaho:**

- Nagbibigay sa iyo ng higit na \$\$\$\$ upang tulungang suportahan ang iyong pamilya
- Nagtatatag ng mas mabuting buhay para sa iyo at sa iyong pamilya
- Nagpapaunlad ng kasanayan sa trabaho
- Bumubuo ng kumpiyansa
- Nagbibigay sa iyo ng personal na kasiyahan

### **Maaari kang magtrabaho at makakuha pa rin ng tulong pinansiyal:**

- ✓ Sa karamihan ng mga kaso, kapag ikaw ay nagtrabaho, ang iyong mga kabuuang kinita (mga kinita bago ang mga babawasin) ay hindi ibinabawas ng dolyares para sa dolyares mula sa bayad ng iyong tulong pinansiyal. Ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para sa **mga babawasing kaugnay sa trabaho**. Kapag iyong ipinagsama ito, ikaw ay mayroong higit na \$\$\$\$ para sa iyong pamilya.
- ✓ Kapag ikaw ay mayroong isang **asignaturang kaloob na ibinase sa nasa trabahong pagsasanay (OJT)**, ang lahat o bahagi ng bayad ng iyong tulong pinansiyal ay ginamit ng iyong taga-empleyo upang tulungang bayaran ang iyong mga sahod. Ikaw ay hindi makakakuha ng mga babawasing kaugnay sa trabaho para sa mga sahod ng kaloob na ibinase sa OJT.
- ✓ Alinmang paraan, ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para sa mga gastos sa pangangalaga sa bata na binayaran sa iyong tagapagbigay.

Tignan ang pahina 7 para sa impormasyon tungkol sa trabaho at mga alituntunin ng pagsasanay, mga pangganyak sa trabaho, kabilang na ang mga programa sa pagkalinga sa bata. Tanungin ang iyong manggagawa para sa higit na impormasyon tungkol sa **Nakapagbabayad ang Trabaho** at kung papaano maaaring gumana sa iyo ang **kaloob na ibinase sa OJT**.

**Tandaan, maaari kang magtrabaho at makakakuha pa rin ng tulong pinansiyal hanggan't ikaw ay mananatiling karapat-dapat at natutugunan ang mga alituntunin sa pag-uulat sa takdang oras.**

## Mga Alituntunin ng Trabaho at Pagsasanay

Sasabihin sa iyo ng iyong manggagawa kung anong mga alituntunin ng trabaho ng tulong pinansiyal at/o CalFresh na kailangan mong sundin bago at pagkatapos maaprobahan ang iyong aplikasyon. Maaaring ikaw ay kailanganing nasa trabaho, pagsasanay o mga gawaing pang-edukasyon upang panatiliing makakuha ng tulong pinansiyal, CalFresh, o pareho. Higit sa isang miyembro ng sambahayan ay maaaring kailanganin na sundin ang mga alituntunin ng trabaho ng tulong pinansiyal at/o CalFresh. Kung sinuman ang maging hindi karapat-dapat dahil sa hindi pagsunod sa mga alituntunin ng trabaho o pagsasanay, ang iba pang mga miyembro ng sambahayan ay maaari pa ring makakuha ng tulong pinansiyal o CalFresh, hanggat sila ay nanatiling karapat-dapat. Ngunit, ang halaga ng tulong pinansiyal o CalFresh na kanilang nakukuha ay maaaring magbago.

## Mga Alituntunin ng Trabaho ng Tulong Pinansiyal

Kung ikaw ay makakuha ng tulong pinansiyal at mga benepisyong CalFresh o makakuha lamang ng tulong pinansiyal, kakailanganin mong makilahok sa ilang mga gawaing Tulong ng Pamahalaan-sa-Trabaho upang panatiliing makuha ang iyong tulong pinansiyal at mga benepisyong CalFresh. Sasabihin sa iyo ng lalawigan kung ilang oras isang linggo kang dapat lumahok sa mga gawaing ito o kung ikaw ay hindi kasali mula sa mga alituntunin ito. Ang mga gawaing Tulong ng Pamahalaan-sa-Trabaho ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa, inabuluyan o di-inabuluyang trabaho, karanasan sa trabaho, serbisyong pang-komunidad, basikong edukasyon ng nasa hustong gulang, pagsasanay na bokasyonal, at paghahanap ng trabaho. Ang ibig sabihin ng inabuluyan ay binabayaran ng lalawigan o ng ilang ibang pinagkunan ng pondo ng iyong taga-employo para sa bahagi ng iyong mga sahod.

Sabi rin ng mga alituntunin ng trabaho ng tulong pinansiyal na ikaw ay dapat na:

- Lumagda ng isang plano ng Tulong ng Pamahalaan-sa-Trabaho;
- Kumuha ng naaangkop na trabaho na inialok sa iyo;
- Huwag umayaw sa trabaho o bawasan ang iyong mga kinita.

## Mga Tadhana sa Hindi Pagtugon sa Mga Alituntunin ng Trabaho ng Tulong Pinansiyal

Sa anumang oras na hindi mo matugunan ang mga tuntunin sa paggawa ng tulong sa salapi para sa mabuting dahilan, ang iyong tulong sa salapi ay ihihinto hanggat gawin mo ang dapat mong gawin. Matapos maihinto o mabawasan ang iyong tulong sa salapi, maaari mo lang makuha itong muli kung matutugunan mo ang mga tuntunin sa paggawa na hinintuang mong tugunan o ikaw ay naging hindi kasali. Kung inihinto ang iyong tulong sa salapi, ang iyong mga selyong pangpagkain ay maaari din ihinto o mabawasan.

## Ang Mga Alituntunin sa Trabaho ng CalFresh Para sa Mga Taong Hindi Tumatanggap ng Tulong Pinansiyal

Kung tumatanggap ka lang ng mga benepisyong CalFresh, maaaring kailanganin mong makilahok sa ilang aktibidad sa trabaho at pagsasanay upang manatiling tumanggap ng mga benepisyong CalFresh. Kasama sa mga aktibidad na ito ang paghahanap ng trabaho, workfare, pangunahing edukasyon para sa may-gulang, at bokasyonal na pagsasanay. Sasabihin sa iyo ng lalawigan kung ilang oras kada linggo ang dapat mong ilahok sa mga aktibidad na ito o kung ikaw ay iniliban mula sa mga alituntuning ito.

Sabi rin ng mga alituntunin sa trabaho ng CalFresh na dapat mong:

- Sagutin ang mga tanong tungkol sa iyong karanasan sa trabaho at kakayahang makapagtrabaho;
- Tingnan ang isang posibleng trabaho na sinabi namin sa iyo at tumanggap ng naaangkop na trabahong inaalok sa iyo;
- Huwag umayaw sa isang trabaho o bawasan ang bilang ng oras na iyong trinabaho sa mas mababa sa 30 oras kada linggo.

## Mga Parusa sa CalFresh Lamang

Kung hindi mo matutugunan ang mga alituntunin sa trabaho ng CalFresh at ikaw ay walang magandang dahilan, ang iyong mga benepisyong CalFresh ay tatanggihan o ihihinto ng isa, tatlo, o anim na buwan, depende sa bilang ng beses na huminto kang tugunan ang mga alituntunin. Matapos mahinto ang iyong mga benepisyong CalFresh, makukuha mo lang muli ang mga ito sa katapusan ng parusa o mas maaga kung ikaw ay maging hindi kasali.

## Kinakailangang Trabaho Para sa Mga May-kakayahang Nasa Hustong Gulang na Hindi Tumatanggap ng Tulong Pinansiyal

Kung ikaw ay tumatanggap lamang ng mga benepisyong CalFresh at ikaw ay walang menor na mga anak, mayroong isa pang alituntunin ng trabaho na maaaring kailangan mo ring tugunan. Hindi mo kailangang tugunan ang alituntunin ng trabahong ito kung ikaw ay may edad na mas mababa sa 18, lampas sa edad na 49, buntis, o ikaw ay bahagi ng isang CalFresh na sambahayan na mayroong menor-de-edad na anak. Ikaw ay maaaring hindi kasali sa ibang mga dahilan na maipapaliwanag ng iyong manggagawa ng lalawigan. Sinasabi ng alituntunin ng trabaho na kung ikaw ay isang may-kakayahang nasa hustong gulang, ikaw ay dapat magtrabaho ng kahit 20 oras isang linggo o 80 oras isang buwan sa bayad na pag-employo, makilahok sa proyektong kapakanang pangtrabaho para sa kinakailangang bilang ng oras, o makilahok sa isang inaprobahang gawain ng pagsasanay ng kahit 20 oras kada linggo o 80 oras kada buwan. Sa panahon ng yugtong 36 na buwan, ang mga benepisyong CalFresh ay ihihinto kung mayroong tatlong buwan kung saan hindi mo natugunan ang alituntunin ng trabaho. Kung ikaw ay humintong tugunan ang alituntunin ng trabaho sa ikalawang beses sa mga dahilan gaya ng natanggal sa trabaho, ikaw ay maaaring makakuha ng mga benepisyong CalFresh ng tatlong buwan nang sunud-sunod nang hindi kinailangang tugunan ang alituntunin. Matapos iyon ikaw ay makakakuha lamang ng mga benepisyong CalFresh kung matutugunan mo ang alituntunin ng trabaho o maging hindi kasali.

## Mga Di-pansing Kita sa CalWORKs

Ang kabuuang halaga ng tulong pinansiyal na natatanggap ay nakabatay sa laki ng iyong pamilya at anumang iba pang kita na maaaring mayroon ka. Pinapayagan ng batas na balewalain ang ilang kita kapag kinakula ang kabuuang halaga ng tulong pinansiyal na iyong matatanggap.

- Kung tumatanggap ang iyong pamilya ng higit sa \$225 kada buwan ng Disability Income (DI), ang unang \$225 lang ang babalewalain.
- Kung tumatanggap ang iyong pamilya ng \$225 kada buwan o wala pa ng Disability Income (DI), walang anuman sa mga iyon ang ibibilang na kita at kung mayroon ka ring Earned Income (EI), anumang natitirang halaga ng binalewalang \$225, hanggang sa \$112, ay hindi ibibilang na kita.
- Dagdag pa, 50 porsiyento ng anumang iba pang EI ay babalewalain.
- Ang matitira ay ang iyong netong maibibilang na kita at ang halagang gagamitin upang makuwenta ang iyong tulong pinansiyal.

## Pagturing sa Sariling Trabaho

Kung ikaw ay may sariling trabaho, ikaw ay mayroong pagpipilian ng pagtutuos ng iyong mga gastos sa negosyo na ibinase sa isang istandard na pagbabawas ng 40 porsiyento ng kabuuang kita o paggamit ng aktuwal na mga gastos sa negosyo. Sa oras na pumili ka ng isang pamamaraan ng pagtutuos ng iyong netong kita ng sariling trabaho, maaari mo lamang baguhin yaong paraan ng pagtutuos ng mga gastos sa muling-pag-aalam o bawat anim na buwan alinman ang mangyari nang mas maaga.

## Programang Pangangalaga sa Bata ng CalWORKs

Ang mga benepisyong pangangalaga sa bata ay nakalaan sa mga tatanggap na nangangailangan ng pangangalaga sa bata upang magtrabaho o makilahok sa mga gawaing naaprobahan ng lalawigan na tulong ng pamahalaan sa trabaho gaya ng pagdalo sa mga programang pang-edukasyon o pagsasanay sa trabaho.

## Pangangalaga sa Bata ng Kagawaran ng Edukasyong California (CDE)

Ang mga benepisyong pangangalaga sa bata ay makukuha rin mula sa CDE. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na Ahensiya ng Pagkukunan at Sanggunian para sa higit na impormasyon.

## Pansamantalang Medi-Cal (TMC)

Maaari kang makakuha ng Medi-Cal ng hanggang 12 buwan kung aalis ka sa tulong pinansiyal sapagkat ikaw ay nagtatrabaho. Ang iyong pamilya ay maaaring nakakuha na ng tulong pinansiyal ng kahit na tatlo ng huling anim na buwan bago nahinto ang tulong pinansiyal. Upang makakuha ng higit kaysa sa anim na buwan ng TMC, ang iyong kita ay dapat na mas mababa sa ilang mga hangganan at dapat mong tugunan ang mga alituntunin sa pag-uulat ng TMC.

# IBANG MAHALAGANG IMPORMASYON

## TULONG PINANSIYAL AT PANG-IKAPAAT NA PAG-UULAT NA MGA SAMBAHAYAN NG CALFRESH

### Mga Alituntunin sa Pagbabadyet

Ang halaga ng tulong pinansiyal at/o mga benepisyong CalFresh na iyong makukuha ay depende sa iyong kita at pinahihintulatang mga gastos. Ikaw ay kukuha ng isang Pang-ikapat na Ulat ng Karapatan (QR 7) na pupunan bawat tatlong buwan. Sa QR 7, kakailanganin mong iulat kung anong kita at mga gastos na nagkaroon ka sa nakaraang buwan at anong kita at mga gastos sa iyong palagay na magkaroon ka sa tatlong buwan matapos mong ipasa ang iyong ulat. Ang kita at mga gastos na iyong inaasahang makuha sa susunod na tatlong buwan ay gagamitin upang tuusin ang halaga ng tulong pinansiyal at/o mga benepisyong CalFresh na iyong makukuha sa tatlong buwang iyon. Ang impormasyon na iyong ilalagay sa QR 7 tungkol sa mga nakaraang buwan ay gagamitin para sa susunod na tatlong buwan kung hindi mo inaasahang magbago ang iyong kita o mga gastos.

Halimbawa, kapag iyong ipapasa ang QR 7 sa Marso, iulat mo kung anong kita mayroon ka noong Pebrero. Iulat mo rin ang anumang pagbabago sa kita na iyong inaasahang makuha sa Abril, Mayo, at Hunyo. Kung ang kita mula Pebrero ay mananatiling pareho, ang iyong tulong pinansiyal at/o mga benepisyong CalFresh para sa Abril, Mayo, at Hunyo ay tutuusin gamit yaong parehong kita at mga gastos para sa bawat isa ng yaong mga buwan. Kung magbabago ang iyong kita at mga gastos, gagamitin ng iyong manggagawa ang bagong mga halaga ng kita na sa palagay mo'y iyong makukuha sa Abril, Mayo, at Hunyo upang tuusin ang iyong tulong pinansiyal at/o halaga ng mga benepisyong CalFresh para sa yaong mga buwan. Ang pamamaraang ito ay tinatawag na prospektibong pagbabadyet.

### Hangganan ng Ari-arian

#### CalWORKs:

Mayroong \$2000.00 hangganan sa halaga ng ari-arian (hal., mga kuwentas ng bangko, mga saping puhunan, atbp.) na maaaring ariin ng iyong pamilya at maging karapat-dapat na makakakuha rin ng mga benepisyong CalWORKs. Kung may tao sa iyong pamilya na hindi bababa sa 60 taong gulang, ang hangganan ay \$3000.00. Ang iyong bahay at kasangkapan ay hindi bahagi ng hangganan. Maaari kang mag-ari ng sasakyan na nagkakahalaga ng hanggang \$4650. Kung ang iyong rehistradong sasakyan ay nagkakahalaga ng higit sa \$4650, anumang bagay na mataas sa hangganan na iyon ay ibibilang na bahagi ng kabuuang hangganan ng ari-arian maliban kung ang sasakyan ay ginagamit ng iyong pamilya sa ilang espesyal na dahilan. Tanungin ang iyong manggagawa kung ano ang mga dahilan. Itanong sa iyong manggagawa kung ano ang mga dahiling iyon. Ang anumang sasakyan na mayroon ka, na hindi maibebenta ng higit sa \$1500, ay hindi ibibilang sa hangganan ng iyong ari-arian. Maipapaliwanag sa iyo ng iyong manggagawa kung papaano malalaman ang halaga ng anumang sasakyan.

#### CalFresh:

Kung kumuha ka lang ng mga benepisyong CalFresh at hindi kumuha ng tulong pinansiyal walang hangganan ang ari-arian. Para sa mga tumatanggap na kumuha pareho ng tulong pinansiyal at mga benepisyong CalFresh, ang mga hangganan ng CalWORKs sa ari-arian (nasa itaas) ay ipatutupad.

## TULONG PINANSIYAL LAMANG

### 48-Buwang Hangganan ng Oras

Simula Hulyo 1, 2011, ang magulang o kamag-anak na nangangalaga ay hindi karapat-dapat para sa tulong pinansiyal kapag siya ay nakatanggap na ng tulong pinansiyal para sa kabuuang 48 buwan. Ang lahat ng tulong na natanggap mula sa CalWORKs at/o tulong pinansiyal na natanggap mula sa Tribal TANF o anumang iba pang estado ay ibibilang sa kabuuang 48-buwan. Ang tulong pinansiyal lamang na natanggap sa o matapos ang Enero 1, 1998, ang ibibilang sa kabuuang 48-buwan. Mayroong mga eksempsiyon sa hangganan ng oras na ito at ang hangganan ay hindi gagamitin sa mga bata.

### Mga Pinagkukunan/Elektronikong Paglilipat ng Mga Benepisyo (EBT)

Ang anumang natitirang balanse sa kuwentas na EBT sa katapusan ng buwan ay ikukunsiderang isang nakalaang pinagkukunan at maaaring gawing di karapat-dapat ang iyong sambahayan para sa tulong pinansiyal kung ang iyong kabuuang maibibilang na mga pinagkukunan ay higit sa pinahihintulatang mga hangganan ng pinagkukunan.

### Alituntunin sa Paglipat ng Mga Ari-arian

Ang mga tatanggap ay makapagbebenta, makapagpapalitan o makapagbabago ng kanilang hinahawakang ari-arian, kung sila ay makakuha ng tamang halaga sa merkado para sa ari-arian (pag-aari). Kung sila ay hindi makakuha ng tamang halaga sa merkado para sa pag-aari, ang pamilya ay makakakuha ng yugto ng walang karapatan. Ang yugto ng walang karapatan ay tinuos sa pamamagitan ng pagbabawas ng halagang natanggap mula sa tamang halaga sa merkado ng pag-aari at pagkatapos ang paghahati sa halaga na iyon ng istandard na pangangailangan para sa pamilya. Ang halaga ay ibinuo pababa sa susunod na mas mababang buong numero.

### CALFRESH LAMANG

#### Mgas Sustento sa Utilidad

Ikaw ay pahihintulutan nang babawasing Karaniwang Sustento sa Utilidad (SUA) kung ikaw ay mayroong pampainit at mga gastos sa pampapalamig. Kung ikaw ay mayroong ibang mga gastos kaysa pampainit o pampalamig, gaya ng tubig, tuberiyas at basura, ikaw ay bibigyan ng babawasing Limitadong Sustento sa Utilidad. Kung ikaw ay mayroon lamang gastos sa telepono, ikaw ay bibigyan ng babawasin sa Sustento sa Utilidad na Telepono (TUA). Ang SUA, LUA at TUA ay ginagamit upang mabawasan ang iyong kita, na tutulong sa iyo na makakuha nang higit pang mga benepisyo.

### MEDI-CAL/34-COUNTY CMSP LAMANG

#### Paggastos sa Labis na Ari-arian

- Kung ikaw ay makakuha o mag-aaplay para sa Medi-Cal/34-County CMSP Lamang at ikaw ay mayroong higit na ari-arian kaysa sa pinahihintulutan ng mga alituntunin, maaari mo itong babaan sa huling araw ng anumang buwan, kabilang ang buwan ng aplikasyon. Para sa Medi-Cal maaari mong gastusin ang iyong labis na ari-arian sa anumang paraan na nais mo. Ngunit ikaw ay maaaring hindi karapat-dapat para sa antas ng pasilidad ng pangangalaga ng nangangalaga para sa isang yugto ng panahon kung ibebenta o ipamimigay mo ang anumang ari-arian para sa mas mababa kaysa sa halaga nito, at ikaw ay nag-aaplay para sa o tumanggap ng antas ng pasilidad ng pangangalaga ng nangangalaga ng Medi-Cal sa loob ng 30 buwan ng pagsasalin.
- Maaaring ikaw ay hindi karapat-dapat para sa 34-County CMSP kung ibinenta mo o ipinamigay ang anumang ari-arian na mababa kaysa sa halaga nito.

#### Mga Pinagkunan At Ari-arian

- Ang lahat na mga benepisyong Medi-Cal na natanggap pagkatapos ang edad na 55 ay sasailalim sa pagbabawi mula sa ari-arian ng isang namatay na tumatanggap ng Medi-Cal. Gayunman, ang pagbabawi ay hindi dapat lumagpas sa halaga ng ari-arian. Ang pagbabawi ay maaaring hindi maganap kung ang asawa ng benepisyaryo ay buhay pa. Maaaring hindi hingin ng estado ang proporsiyonadong bahagi ng isang ari-ariang naiwan sa isang menor na bata o isang ganap na may kapansanang nasa hustong gulang na bata. Sa karagdagan kung ang pagbabawi ay magdudulot ng di-kinakailangan paghihirap para sa sinumang ibang tagapagmana at ang yaong paghihirap ay maaaring ipakita, ang pagbabawi ay maaaring irenunsia nang buo o nang bahagi.
- Kung ikaw ay tinalagahan at ang iyong tahanan o dating tahanan ay di-kasama, ang Estado ay maaaring magtala ng isang grabamen laban sa iyong ari-arian upang muling-bayaran ang halaga ng saklaw na pangangalagang medikal ng Medi-Cal.

### MGA SERBISYONG NAKALAAN

**Programang Dagdag Nutrisyon sa Mga kababaihan, Sanggol at Bata (WIC):** Ang programang WIC ay para lamang sa buntis at nagpapasusong mga kababaihan, mga sanggol at mga batang mababa sa edad na 5, na nasa panganib na medikal-nutrisyonal. Para sa higit na impormasyon tungkol sa WIC, tawagan ang iyong lokal na kagawaran ng kalusugan ng lalawigan o ang numero ng telepono para sa "WIC" sa libro ng telepono.

**Rehistrasyon ng Botante:** Kung nais mong magparehistro upang bumoto, tanungin ang iyong manggagawa upang padalhan ka ng pormularyo ng rehistrasyon. Kung kailangan mo ng tulong sa pagpuno nito, hilingan ang iyong manggagawa. Maaari mong sariling ikoreo ang pormularyo. Ang iyong karapatan para sa tulong ay hindi maaapektuhan magparehistro ka man o hindi. Hindi sasabihin sa iyo ng iyong manggagawa kung papaano bumoto.

# MGA BABALA NG PARUSA

Kung sinadya mong hindi iulat ang lahat ng impormasyon o magbigay ng maling impormasyon upang makakuha o patuloy na makakuha ng mga benepisyo, ikaw ay maaaring legal na usigin, at maaaring akusahan ng nakagawa ng krimen kung higit sa \$400 ay maling naibayad para sa tulong pinansiyal, mga selyong pangpagkain, o Medi-Cal sapagkat hindi mo inilulat ang lahat ng iyong impormasyon o mga pagbabago sa kita, ari-arian, o kalagayan ng pamilya. At ikaw ay maaaring madiskuwalipika sa pagkuha ng tulong pinansiyal o mga selyong pangpagkain.

## Mga Parusa ng Diskuwalipikasyon

### Tulong Pinansiyal at CalFresh

Ang mga parusa ng diskuwalipikasyon ay magsisimula pagkatapos ng isang pagdinig ng estado o nalaman ng korte ng batas na ang indibidwal ay nakagawa ng isang Sadyang Paglabag sa Programa (IPV). At saka, sinuman na naakusahan ng paggawa ng isang IPV ay maaaring sumang-ayon na madiskuwalipika sa paglagda ng isang Administratibong Kasunduan ng Pahintulot ng Diskuwalipikasyon o isang Renunsiya sa Pagdinig ng Diskuwalipikasyon. Sinuman na lumagda ng isa ng mga dokumentong ito ay isinusuko ang anumang mga karapatan sa pagdinig at tinatanggap ang responsibilidad na muling-magbayad ng anumang sobrang-ibinayad sa tulong pinansiyal at/o sobrang-pagbigay ng CalFresh.

### Mga Parusa sa Tulong Pinansiyal

Kung hindi mo susundin ang mga alituntunin ng tulong pinansiyal, ikaw ay maaaring magmulta ng hanggang \$10,000 at/o makulong/mabilanggo ng 5 taon.

At kung ikaw ay napatunayang nagkasala ng korte ng batas o ng isang administratibong pagdinig sa paggawa ng ilang mga uri ng pandaraya, ang iyong tulong pinansiyal ay maaaring mahinto ng 6 na buwan, 12 buwan, 2 taon, 4 na taon, 5 taon o magpakailanman.

## CalFresh Lamang

Kung nakatanggap ang iyong sambahayan ng mga benepisyong CalFresh, dapat sundin nito ang mga alituntuning ito:

- Huwag magbigay ng mali o di-kumpletong impormasyon upang makakuha o patuloy na makakuha ng mga benepisyong CalFresh.
- Huwag ipagpalit o ibenta ang iyong kard na EBT.
- Huwag baguhin ang kard na EBT upang makakuha ng mga benepisyong CalFresh na wala kang karapatan na makuha.
- Huwag gamitin ang mga benepisyong CalFresh upang bumili ng mga di karapat-dapat na aytem gaya ng may alkohol na inumin o tabako, papel o mga produkto sa paglilinis.
- Huwag gamitin ang kard na EBT ng iba para sa iyong sambahayan.

## Mga Parusa sa CalFresh

Kung hindi mo susundin ang mga alituntunin ng CalFresh, ang iyong mga benepisyo ay maaaring ihinto ng 12 buwan para sa unang paglabag, 24 buwan para sa ikalawa, at magpakailanman para sa ikatlo. At ikaw ay maaaring magmulta ng hanggang \$250,000 at/o makulong/mabilanggo ng 20 taon. Kung ikaw ay napatunayang nagkasala sa saanmang korte ng batas o ng administratibong pagdinig sapagkat:

- ikaw ay nagpalit o nagbenta ng mga benepisyong CalFresh para sa mga armas, bala, o pampasabog, ang iyong mga benepisyong CalFresh ay maaaring ihinto magpakailanman para sa unang paglabag;
- ikaw ay nagpalit o nagbenta ng mga benepisyong CalFresh para sa kontroladong mga sangkap, ang iyong mga benepisyo ay maaaring mahinto ng 24 na buwan para sa unang paglabag at magpakailanman para sa ikalawa;
- ikaw ay nagpalit o nagbenta ng mga benepisyong CalFresh na nagkakahalaga ng \$500 o higit pa, ang iyong mga benepisyong CalFresh ay maaaring ihinto magpakailanman;
- ikaw ay naghain ng dalawa o higit na mga aplikasyon para sa mga benepisyong CalFresh nang sabay at binigyan ang lalawigan ng maling pagkakailanlan o impormasyon ng tinitirhan, ang iyong mga benepisyong CalFresh ay maaaring ihinto ng 10 taon.

SERTIPIKASYON NG APLIKANTE/TATANGGAP	(SERTIPIKASYON NG MANGGAGAWA SA KARAPATAN) ELIGIBILITY WORKER'S CERTIFICATION	
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Nauunawaan ko ang aking mga karapatan at mga responsibilidad at sumang-ayon na tumalima sa aking mga responsibilidad.</li> <li>• Nauunawaan ko rin ang mga parusa sa pagbibigay ng di-kumpleto o maling impormasyon, o sa pagkabisigong iulat ang impormasyon o mga sitwasyon na maaaring makaapekto sa aking karapatan o antas ng benepisyo para sa tulong pinansiyal o CalFresh, at/o ang aking bahagi ng gastos ng Medi-Cal/34-County CMSP.</li> <li>• Pinagtitiyap ko na ako ay nabigyan ng isang kopya ng Ang Mga Karapatan, Mga Responsibilidad, at Ibang Mahalagang Impormasyon (SAWS 2A QR).</li> </ul> <div style="border: 1px solid black; padding: 5px; margin-top: 10px;"> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Pinagtitiyap ko rin na, kung ako ay nag-aplay para sa o makakuha ng tulong pinansiyal, nakakuha ako ng kopya ng sumusunod:  <input type="checkbox"/> Paunawa ng Pagpapaalam ng Tulong ng Pamahalaan sa Trabaho (WTW 5)                      _____                      (MGA DAGLAT NG APLIKANTE/TATANGGAP)</li> </ul> </div> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Pinagtitiyap ko rin na kung ako ay mag-aplay para sa Medi-Cal/34-County CMSP, nakakuha ako ng kopya ng MC219/CMSP 219 at ang mga nilalaman nito ay naipaliwanagsa akin.</li> </ul>	<p><b>I certify that the applicant/recipient appears to understand:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• his/her rights and responsibilities and</li> <li>• the penalties for giving incomplete or wrong facts, or for failing to report facts or situations that may affect his/her eligibility or benefit level for cash aid or CalFresh, and/or share of cost for Medi-Cal/34-County CMSP</li> </ul> <p><b>I also certify that the applicant/recipient was given a copy of:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• The Rights, Responsibilities, and Other Important Information (SAWS 2A QR)</li> </ul> <div style="border: 1px solid black; padding: 5px; margin-top: 10px;"> <ul style="list-style-type: none"> <li>• For cash aid:  <input type="checkbox"/> Welfare to Work Informing Notice (WTW 5)</li> </ul> </div> <ul style="list-style-type: none"> <li>• For Medi-Cal/34-County CMSP: the MC 219/CMSP 219 and that its contents were explained to him/her.</li> </ul>	
Lagda (Magulang o Tagapangalagang Kamag-anak, Miyembro ng Sambahayan ng CalFresh o Awtorisadong Kinatawan, Medi-Cal/34-County CMSP Aplikante/Benepisyaryo)		Petsa
Lagda (Ibang Magulang na Naninirahan sa Tahanan, Rehistradong Kinakasama)	Saksi, kung Ikaw ay Lumagda ng Isang "X"	Petsa
Lagda ng Manggagawa sa Karapatan	Numero ng Manggagawa sa Karapatan	Petsa

## MGA BABALA NG PARUSA

Kung sinadya mong hindi iulat ang lahat ng impormasyon o magbigay ng maling impormasyon upang makakuha o patuloy na makakuha ng mga benepisyong, ikaw ay maaaring legal na usigin, at maaaring akusahan ng krimen kung higit sa \$400 ay maling naibayad para sa tulong pinansiyal, mga selyong pangpagkain, o Medi-Cal sapagkat hindi mo iniulat ang lahat ng iyong impormasyon o mga pagbabago sa kita, ari-arian, o kalagayan ng pamilya. At ikaw ay maaaring madiskwalipika sa pagkuha ng tulong pinansiyal o mga selyong pangpagkain.

### Mga Parusa ng Diskwalipikasyon

#### Tulong Pinansiyal at CalFresh

Ang mga parusa ng diskwalipikasyon ay magsisimula pagkatapos ng isang pagdinig ng estado o nalaman ng korte ng batas na ang indibidwal ay nakagawa ng isang Sadyang Paglabag sa Programa (IPV). At saka, sinuman na naakusahan ng paggawa ng isang IPV ay maaaring sumang-ayon na madiskwalipika sa paglagda ng isang Administratibong Kasunduan ng Pahintulot ng Diskwalipikasyon o isang Renunsiya sa Pagdinig ng Diskwalipikasyon. Sinuman na lumagda ng isa ng mga dokumentong ito ay isinusuko ang anumang mga karapatan sa pagdinig at tinatanggap ang responsibilidad na muling-magbayad ng anumang sobrang-ibinayad sa tulong pinansiyal at/o sobrang-pagbigay ng CalFresh.

### Mga Parusa sa Tulong Pinansiyal

Kung hindi mo susundin ang mga alituntunin ng tulong pinansiyal, ikaw ay maaaring magmula ng hanggang \$10,000 at/o makulong/mabilanggo ng 5 taon.

At kung ikaw ay napatunayang nagkasala ng korte ng batas o ng isang administratibong pagdinig sa paggawa ng ilang mga uri ng pandaraya, ang iyong tulong pinansiyal ay maaaring mahinto ng 6 na buwan, 12 buwan, 2 taon, 4 na taon, 5 taon o magpakailanman.

### CalFresh Lamang

Kung nakatanggap ang iyong sambahayan ng mga benepisyong CalFresh, dapat sundin nito ang mga alituntuning ito:

- Huwag magbigay ng mali o di-kumpletong impormasyon upang makakuha o patuloy na makakuha ng mga benepisyong CalFresh.
- Huwag ipagpalit o ibenta ang iyong kard na EBT.
- Huwag baguhin ang kard na EBT upang makakuha ng mga benepisyong CalFresh na wala kang karapatan na makuha.
- Huwag gamitin ang mga benepisyong CalFresh upang bumili ng mga di karapat-dapat na aytem gaya ng may alkohol na inumin o tabako, papel o mga produkto sa paglilinis.
- Huwag gamitin ang kard na EBT ng iba para sa iyong sambahayan.

### Mga Parusa sa CalFresh

Kung hindi mo susundin ang mga alituntunin ng CalFresh, ang iyong mga benepisyong ay maaaring ihinto ng 12 buwan para sa unang paglabag, 24 buwan para sa ikalawa, at magpakailanman para sa ikatlo. At ikaw ay maaaring magmula ng hanggang \$250,000 at/o makulong/mabilanggo ng 20 taon. Kung ikaw ay napatunayang nagkasala sa saanmang korte ng batas o ng administratibong pagdinig sapagkat:

- ikaw ay nagpalit o nagbenta ng mga benepisyong CalFresh para sa mga armas, bala, o pampasabog, ang iyong mga benepisyong CalFresh ay maaaring ihinto magpakailanman para sa unang paglabag;
- ikaw ay nagpalit o nagbenta ng mga benepisyong CalFresh para sa kontroladong mga sangkap, ang iyong mga benepisyong ay maaaring mahinto ng 24 na buwan para sa unang paglabag at magpakailanman para sa ikalawa;
- ikaw ay nagpalit o nagbenta ng mga benepisyong CalFresh na nagkakahalaga ng \$500 o higit, ang iyong mga benepisyong CalFresh ay maaaring ihinto magpakailanman;
- ikaw ay naghain ng dalawa o higit na mga aplikasyon para sa mga benepisyong CalFresh nang sabay at binigyan ang lalawigan ng maling pagkakakilanlan o impormasyon ng tinitirhan, ang iyong mga benepisyong CalFresh ay maaaring ihinto ng 10 taon.

SERTIPIKASYON NG APLIKANTE/TATANGGAP	(SERTIPIKASYON NG MANGGAGAWA SA KARAPATAN) ELIGIBILITY WORKER'S CERTIFICATION
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Nauunawaan ko ang aking mga karapatan at mga responsibilidad at sumang-ayon na tumalima sa aking mga responsibilidad.</li> <li>• Nauunawaan ko rin ang mga parusa sa pagbibigay ng di-kumpleto o maling impormasyon, o sa pagkabisigong iulat ang impormasyon o mga sitwasyon na maaaring makaapekto sa aking karapatan o antas ng benepisyong para sa tulong pinansiyal o CalFresh, at/o ang aking bahagi ng gastos ng Medi-Cal/34-County CMSP.</li> <li>• Pinagtitiyap ko na ako ay nabigyan ng isang kopya ng Ang Mga Karapatan, Mga Responsibilidad, at Ibang Mahalagang Impormasyon (SAWS 2A QR).</li> </ul> <div style="border: 1px solid black; padding: 5px; margin-top: 10px;"> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Pinagtitiyap ko rin na, kung ako ay nag-aplay para sa o makakuha ng tulong pinansiyal, nakakuha ako ng kopya ng sumusunod:           <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Paunawa ng Pagpapaalam ng Tulong ng Pamahalaan sa Trabaho (WTW 5)</li> </ul> <p style="text-align: center;">_____</p> <p style="text-align: center;">(MGA DAGLAT NG APLIKANTE/TATANGGAP)</p> </li> <li>• Pinagtitiyap ko rin na kung ako ay mag-aplay para sa Medi-Cal/34-County CMSP, nakakuha ako ng kopya ng MC 219/CMSP 219 at ang mga nilalaman nito ay naipaliwanag saakin.</li> </ul> </div>	<p><b>I certify that the applicant/recipient appears to understand:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• his/her rights and responsibilities and</li> <li>• the penalties for giving incomplete or wrong facts, or for failing to report facts or situations that may affect his/her eligibility or benefit level for cash aid or CalFresh, and/or share of cost for Medi-Cal/34-County CMSP</li> </ul> <p><b>I also certify that the applicant/recipient was given a copy of:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• The Rights, Responsibilities, and Other Important Information (SAWS 2A QR)</li> </ul> <div style="border: 1px solid black; padding: 5px; margin-top: 10px;"> <ul style="list-style-type: none"> <li>• For cash aid:           <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Welfare to Work Informing Notice (WTW 5)</li> </ul> </li> <li>• For Medi-Cal/34-County CMSP: the MC 219/CMSP 219 and that its contents were explained to him/her.</li> </ul> </div>
Lagda (Magulang o Tagapangalagang Kamag-anak, Miyembro ng Sambahayan ng CalFresh o Awtorisadong Kinatawan, Aplikante/Benepisyaryo ng Medi-Cal/34-County CMSP)	Petsa
Lagda (Ibang Magulang na Naninirahan sa Tahanan)	Saksi, kung ikaw ay Lumagda ng Isang "X" <span style="float: right;">Petsa</span>
Lagda ng Manggagawa sa Karapatan	Numero ng Manggagawa sa Karapatan <span style="float: right;">Petsa</span>